# Sitwasyon 1: Roger—Ano ang makatutulong sa akin upang makayanan ko ang mahihirap na sitwasyon? (Mateo 14:13–23)

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Sa Mateo 14:1–12, nalaman natin na pinapugutan ni Herodes ng ulo si Juan na Tagapagbautismo. Isipin ang maaaring nadama ni Jesus nang malaman Niyang pinatay ang Kanyang pinsan na itinuturing Niya ring kaibigan.

Pag-aralan ang ginawa ng Tagapagligtas sa Mateo 14:13–23, at hanapin at markahan ang katibayan ng alituntuning ito: **matutularan natin ang halimbawa ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagpapakita ng habag at paglilingkod sa iba kahit tayo mismo ay dumaranas ng paghihirap**.

- Ano ang nakita mo sa mga talatang ito na sumusuporta sa alituntuning ito?
- Ano ang ginawa ni Jesus kahit nalaman Niya na pinatay si Juan na Tagapagbautismo?
- Paano makatutulong sa isang taong nahihirapan ang halimbawa ng hindi makasariling paglilingkod ng Panginoon?

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol kung paano tayo magkakaroon ng katangiang katulad ng kay Cristo:



> Halimbawa, naipapakita ang ating tunay na pagkatao sa kakayahang mapansin ang pagdurusa ng ibang mga tao kapag nagdurusa rin tayo; sa kakayahang maramdaman na nagugutom ang iba habang nagugutom din tayo; at sa kakayahang tumulong sa iba at magpakita ng pagkahabag sa mga taong dumaraan sa mga espirituwal na pagsubok kapag tayo rin ay nasa ganitong kalagayan. Samakatwid, naipapakita ang tunay na pagkatao sa pamamagitan ng pagmamalasakit at pagtulong kahit ang natural at likas na reaksyon ay magtuon lamang sa sarili at sa sariling problema. . . .
>
> . . . Talagang posible para sa ating mga mortal na magsikap na maging matwid upang makatanggap ng mga espirituwal na kaloob na nauugnay sa kakayahang tumulong at angkop na tumugon sa ibang tao, na dumaranas ng mismong hamon o hirap na kagyat at sapilitang nagpapabigat sa atin.
>
> Hindi natin tataglayin ang gayong kakayahan sa pagkakaroon lamang ng matinding hangarin o personal na determinasyon. Sa halip, kailangan natin at inaasahan natin ang "kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas" (2 Nephi 2:8). (David A. Bednar, sinipi kay Sarah Jane Weaver, "Elder Bednar Addresses 'the Character of Christ' during 2019 Mission Leadership Seminar," *Church News*, Hulyo 9, 2019)

Habang naghahanda kang ibahagi ang natutuhan mo, pagnilayan ang mga karanasan mo sa paglilingkod sa iba.

- Sa iyong palagay, bakit makatutulong sa atin ang paglilingkod na katulad ng kay Cristo sa panahong dumaranas din tayo ng mga pagsubok?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *Scenario 1: Roger.* Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.